

## **Pampublikong Update sa COVID-19 – ika-30 ng Abril 2020**

### **UPDATE MULA SA KEMH**

Karagdagang batch ng labing-anim (16) na swabs ang naipadala na sa UK para sa pagsusuri.

Ang lahat ng mga indibidwal na nagkaroon ng positibong resulta ay nakakumpleto na ng kanilang isolation o gamutan sa ngayon.

### **PAGTATAPOS NG PANAHOON NG LOLIGO**

Ang unang panahon ng loligo ay nagtapos na simula pa noong ika-28 ng Abril, at ngayon ay mangilan-ngilang dami ng mga barko ang dumating na sa Stanley Harbour at Port William.

Ang mga barko ay nanatili sa karagatan ng higit sa labing-apat (14) na araw ng panahon ng quarantine para sa COVID-19.

Kalimitan na iniliipad ng mga operators ang kanilang mga trabahador sa kanilang mga bansang pinanggalinagn sa pamamagitan ng flights ng LATAM patungong South America, ngunit ang mga flights na ito ay kasalukuyang suspendido.

Sa pagbubukas ng Falkland Islands sa pangalawang panahon ng loligo sa katapusan ng Hulyo, karamihan sa mga operator ng barko ay nagdesisyon na patilihin ang kanilang mga trabahador sa kanilang mga barko at panatilihin silang ligtas.

### **PAGSISIMULA NG PAGGUNITA**

Alam ng bawat isang taga-isla, na napapalapit na ang panahon sa taong ito na kung saan ginugunita natin ang mga mahahalagang mga anibersaryo ng 1982.

Ang una sa mga ito ay magaganap sa Linggo, ika-3 ng Mayo sa ganap na alas dos ng hapon, na kung saan isang maikling serbisyo sa pag-alala ay gaganapin sa Goose Green para alalahanin ang pagkamatay ni Lieutenant Nick Taylor.

Ang mga plano sa iba pang mga paggunita ay isasagawa sa mga susunod na mga linggo at patuloy na isusulong.

Ilalabas namin ang impormasyon kapag ang mga ito ay na-finalise na.

Inaasahan naming na sa malamang, hindi natin maibibigay ang pagbibigay pasasalamat sa gawi na nakasanayan na, ngunit ang mga anibersaryo na to ay lubhang napakahalaga

sa ating komunidad at ipagpapatuloy natin na parangalan yaong mga namatay at gumawa ng sakripisyo para sa kalayaan ng ating mga isla.